# Ang Kaligayahan ni Lola Edita



Kuwento ni
**Alan Apple C. Cosare**
Guhit ni
**Daryl Louie S. Onlayao**

# Ang Kaligayahan ni Lola Edita



***Mga Kasanayan sa Pagkatuto***

***Naisasagawa ang mga kasanayan at kaalaman sa pagtatanim ng halamang ornamental bilang isang pagkakakitaang gawain (EPP4AG-0a-1).***

***Natatalakay ang pakinabang sa pagtatanim ng halamang ornamental, para sa pamilya at sa pamayanan (EPP4AG-0a-2).***

***13. Napahahalagahan ang lahat ng mga likha: may buhay at mga materyal na bagay***

***- 13.3. Halaman : pangangalaga sa mga halaman gaya ng :***

***13.3.1. pag-aayos ng mga nabuwal na halaman***

***13.3.2. paglalagay ng mga lupa sa paso***

***13.3.3. pagbubungkal ng tanim na halaman sa paligid (EsP4PD- IVe-g–12).***



**Treasury of Storybooks**

………………………………...

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2022 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use for any purpose of statutes, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in deliberative assemblies and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended.

Cosare, Alan Apple C. *Ang Kaligayahan ni Lola Edita*. DepEd-BLR, 2022.

DEVELOPMENT TEAM

Writer: Alan Apple C. Cosare


Illustrator: Daryl Louie S. Onlayao

Learning Resource Manager: Evangeline A. Vicencio
Analiza C. Almazan

Davao City
Region XI




May bumalot na epidemya sa aming lungsod. Isang uri ito ng nakahahawa at nakamamatay na sakit, na lubos na kinatatakutan ng mga mamamayan. Pinaalalahanan ng gobyerno ang mga mamamayan na iwasan muna ang paglabas at pagpunta sa mga matataong lugar. Mahigpit na ipinagbabawal ang paglabas sa pamamahay ng mga bata, buntis, at matatanda sapagkat sila ang madaling madapuan ng naturang sakit.



Laking lungkot ni lola Edita dahil hindi pa muna niya magagawa ang mga nakasanayang gawain hangga't may epidemya pa. Noong wala pa ang problemang ito, nakasanayan niyang mamalengke, mamasyal, mangapit-bahay, at higit sa lahat, ang magsimba tuwing Linggo. Palagi pa nga niya akong isinasama sa mga lakad niya lalo na kung wala akong pasok.





Ako, si tatay Lando, at si nanay Elena lang ang kasama ni lola Edita sa bahay. Si tatay Lando lang ang maaaring lumabas ng tahanan upang pumunta sa trabaho. Siya na rin ang namamalengke at namimili ng mga kakailanganin ng buong pamilya kasi, ilang buwan ng buntis si nanay. Maingat siyang lumalabas at umuuwi ng bahay. Palagi siyang may baong *alcohol* at nakasuot ng *face mask.* Maging sa pag-uwi niya tuwing hapon, naliligo muna siya bago lumapit at makihalubilo sa amin. Sa bawat pag-alis ni tatay Lando, takot, at pangamba ang nararamdaman naming mga naiiwan sa bahay. Palagi naming pinapanalangin na mailayo siya sa nakahahawang sakit.

Lumipas ang ilang linggo at hindi pa rin nalulutas ang problema ng epidemya. Nakaramdam kami ng pagkabagot sa bahay. Naghanap kami ng mga gawaing makapapawi ng aming lumbay at pag-aalala. Si nanay Elena ang naging pansamantalang guro ko habang hindi pa ako puwedeng pumasok sa eskuwelahan. Ginagabayan niya ako, lalo na kapag nahihirapan ako sa mga gawain sa modyul. Bukod sa pagtulong niya sa aking mga aralin sa iba't ibang asignatura, may mga araw na tinuturuan niya ako ng mga bagong kaalaman tulad ng pagluluto, pananahi, at mga gawaing-bahay.



Kapag wala namang trabaho si tatay Lando ay tinuturuan niya akong magkumpuni ng mga bagay-bagay. Naglalaro din kami ng *chess* o kaya ay nagpipinta paminsan-minsan. Maaari naman pala akong matuto ng maraming bagay kahit nasa bahay lang at wala sa paaralan. Kahit papaano ay naging abala kami at napawi ang matinding pagkabagot at pangamba.





Ngunit paano naman si lola Edita? Ano naman ang pinagkaka-abalahan niya? Lagi siyang nananalangin na sana ay mawala na nang tuluyan ang epidemya. Lagi niyang sinasabi sa amin na labis na siyang nananabik na balikan ang mga nakasanayan niyang mga gawain noong wala pang epidemya. Nasasabik na rin daw siyang makita ang kaniyang ibang mga anak at apo na nakatira sa karatig-bayan. Nalulungkot din kami habang nakikinig sa mga hinaing niya.

Isang umaga, nakita ko si Lola na may pinagkakaabalahan sa aming bakuran. “Lola, ano po ang ginagawa ninyo?” tanong ko sa kanya. “Halika Tinay, tulungan mo ako dito sa mga halaman ko. Nagsisiksikan na pala ang mga binhi nito. Panahon na para ilipat sila sa ibang paso,” sagot ni Lola.

Tinulungan ko si Lola. Habang abala kami sa pagtatanim ay may napansin ako sa kanya. Aba! Ang sarap pagmasdan ang muling pagbalik ng matamis na ngiti sa kaniyang mukha. Hay salamat, nakakita na rin ng pampawi ng lumbay ang lola ko!

Pagkauwi ni tatay Lando, ikinuwento ko sa kaniya ang mga ginawa namin ni lola Edita sa araw na iyon. Natuwa si tatay Lando sa mga narinig niya. Lingid sa kaalaman ko, may naiisip na pala siyang magandang ideya upang mapasaya pa lalo si lola Edita.



Sa sumunod na mga araw, umuwi si tatay Lando na may dalang mga sorpresa para kay lola Edita. Dinalhan niya ito ng binhi ng iba't ibang uri ng halaman at bulaklak.

Araw iyon ng Lunes at umuwi si tatay Lando na may bitbit na mga binhi ng isang uri ng bulaklak. Mala-espada ang hugis ng dahon nito, kulay luntian at may mga markang kawangis ng balat ng ahas. Napakatamis ng ngiti ni lola Edita nang natanggap niya ang mga iyon.

Araw naman iyon ng Martes nang ibang uri ng halaman naman ang dala ng tatay. Malalaki ang mga dahon nito na hugis patambilog at may iba-ibang kulay. "Aba…. Ang gaganda naman ng mga aglaonema!" buong galak na sambit ni lola Edita.

Ibang klaseng halaman naman ang dala ni tatay Lando pagdating ng Miyerkules. Parang makukulay na uri ito ng gabi. Hugis puso ang mga dahon nito. Siyempre, tuwang-tuwa na naman si lola Edita. Ganoon din si nanay Elena. Tila nahawa na rin siya sa pagkabighani ni lola Edita sa mga pasalubong ni tatay Lando.





Sa sumunod pang mga araw, marami pang sorpresa ang dumating kay lola Edita. Iba't ibang punla o binhi ang dumating na padala naman ng iba pang anak ni lola. Minsan, may kasama pang mga paso o kaya ay may kalakip na mensahe ng pagbati at pangungumusta sa kanya. Abot-tainga na lagi ang ngiti ni lola Edita.

Natapos ang buong linggo at napuno na ng iba't ibang klase ng halaman ang loob at labas ng bahay namin. May malalaki at maliliit na uri ng halaman. Ang iba ay namumulaklak at may matitinik pa.





Hindi lang si lola Edita ang natuwa dahil nahawa na rin si nanay Elena. Naging bagong guro namin bigla si Lola. Marami kaming natutuhan sa kaniya tungkol sa tamang pangangalaga ng iba't ibang uri ng halaman. Nagtatanim din siya ng mga halamang gulay, ngunit, mga halamang ornamental talaga ang paborito niya. Hindi kalaunan, pati ako ay nahawa na rin sa pagkahumaling nila sa halaman. Nalibang din ako sa pagtulong sa kanila, sa pagtatanim at pagdidilig sa mga ito. Masarap pala sa pakiramdam na makita mong nabubuhay ang itinanim at inalagaan mong halaman.

Natutuhan namin kay lola Edita na iba-iba pala ang mga pangangailangan ng mga halamang ornamental. May mga klase ng halaman na nais masikatan ng araw at may iba ring hindi. May mga uri na kailangang diligan nang madalas at may iba din na minsan sa isang linggo lang kung diligan. May iba na napakadaling palaguin at may iba namang napakasensitibo at mahirap buhayin. May ibang halaman na kailangan pang lagyan ni Lola ng matabang lupa o kaya ay organikong abono para lumusog, habang ang ibang uri naman ay nabubuhay kahit walang lupa. Kaya rin palang mabuhay ng ibang halaman kahit sa tubig lang.




LIVE
201
DogLover Cathy
mine, cactus...
Kuya Mariong Drayber
Mabuhay, Philippines
PLANT SISTERS
Wow! nice plants...
Share
Write a comment...

Napansin ko na parang mas naging sariwa ang simoy ng hangin nang dumami ang mga halaman sa bahay at bakuran namin. Nakakaaliw ring pagmasdan ang mga dumadayong kulisap tulad ng mga paruparo, tutubi, at tipaklong. Paminsan-minsan, may mga alitaptap na rin akong nakikita pagsapit ng gabi. Mas gumanda pa ang paligid at nadagdagan ng mas maraming kulay at buhay. Higit sa lahat, bumalik na ang masaya at maaliwalas na mukha ng lola Edita ko.

Bukod sa ligayang dala ng pag-aalaga namin ng iba't ibang uri ng halaman, hindi nagtagal ay naging abala na rin kami sa pagbebenta ng mga ito sa pamamagitan ng *social media.* Tuwang-tuwa kami sa naisipan naming pagpapaskil ng larawan ng mga halamang ornamental at maging sa pagla-*live selling* sa mga ito. Biglang naging taga-*deliver* ng mga halaman si tatay Lando tuwing araw ng Sabado. Nakatulong kahit papaano ang halagang kinikita namin dito para sa mga gastusin sa bahay, lalo na at papalabas na ang munting kapatid ko na nasa sinapupunan ni Nanay.

Ilang buwan pa ang lumipas bago tuluyang nawala ang epidemya. Araw iyon ng Linggo at sabik ang buong mag-anak na lumabas at muling makapagsimba. Sa aming pagpunta sa simbahan, natuwa kami sa mga nakita namin sa mga nadaanang kabahayan. Wari napuno ang kani-kanilang bakuran ng mga bulaklak at iba pang uri ng mga halaman.

"Lola, akala ko po na kayo lang ang nahumaling sa mga halaman. Ganoon din po pala ang iba. Magkatulad kayo ng kinagigiliwan," sabi ko kay Lola.

Biglang napahinto si Lola at binigyan ako ng matamis niyang ngiti. Pagkatapos ay sinabi niya sa akin, "Tinay, minsan ay nalulungkot tayo at lubos na nag-aalala sa mga dumarating na problema at pagsubok sa buhay natin. Pero, hindi lang natin alam na sa pamamagitan pala ng mga pagsubok na ito ay matututo tayo ng mga bagong bagay na makapagbibigay sa atin ng lubos-lubos na kaligayahan."





Masaya kaming nakapagsimba bilang isang buong pamilya sa araw na iyon. Sabay kaming nagpasalamat sa Poong Maykapal dahil tuluyan nang napuksa ang epidemya. Malaki ang naging pasasalamat namin sa Kaniya dahil nanatiling matatag, ligtas, at masaya ang aming pamilya kahit pa man sa gitna ng pagsubok.





**Tungkol sa May-akda**



Si Alan Apple C. Cosare ay nagtapos ng kursong Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon sa University of Southeastern Philippines (USEP), Bo. Obrero Campus, Davao City. Kasalukuyan siyang nagtuturo sa Ikatlong Baitang ng Mababang Paaralan ng Buhangin Sentral – SPED Center, Sangay ng Lungsod ng Davao.

Hilig niya ang pagsusulat at pagguhit ng mga kuwentong pambata. Sa katunayan, siya ay minsang nanalo na rin sa parehong larangan ng pagsusulat at pagguhit sa pangrehiyong lebel ng National Storybook Competition (Region XI).



**Tungkol sa Tagaguhit**

Si Daryl Louie S. Onlayao ay nagtapos ng kursong Batsilyer ng Edukasyong sa Elementarya sa Larangan ng Pangkalahatang Edukasyon sa Holy Cross of Davao College. Siya ay kasalukuyang nagtuturo at may hawak na posisyon na Teacher II sa Mababang Paaralan ng Cornelio C. Reta Sr., Distrito ng Bangoy, Sasa, Lungsod ng Davao.

# Ang Kaligayahan ni Lola Edita

Dahil sa isang epidemya, hindi muna makalalabas ng bahay si lola Edita nang mahabang panahon. Matinding pagkabagot at pagkalumbay ang idinulot nito sa kaniya. Mabuti na lamang at nakahanap ng magandang paraan ang kaniyang butihing pamilya upang manumbalik ang kaniyang sigla.

Basahin ang kuwento at tuklasin kung ano ang nagpanumbalik sa mga ngiti sa mukha ni lola Edita. Ano kaya ang nagbibigay sa kaniya ng lubos na ligaya?